Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
BAYAN NG POLILLO
-ooOoo-

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-PITUMPU'T APAT (74) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG ENERO 22, 2018 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Konsehal at Pansamantalang Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Efren C. Atendido, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Walter P. Calleja, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Edwin P. Susa, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Loel F. Santoalla, | Pangalawang Punong Bayan / Halig Punong Bayan, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, (O.B.). |

## RESOLUSYON BLG. 017-2018

**ISANG RESOLUSYON NA NAGTATAKDA NG KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA LAHAT NA MAGTINDA, BUMILI, GUMAWA AT GUMAMIT NG PELLET GUN, REPLICATED GUN, IMPROVISED GUN AT IBA PA NA LUBUSANG NAKAKAPURWESYO AT NAKAKAPAGDULOT NG SAKUNA SA MGA TAONG MABIBIKTIMA NITO**

**SAPAGKAT,** sobrang mapanganib ang laruang Pellet Gun lalo na sa panahon ng kapaskuhan na naglipana sa mga pamilhan na hindi alintana ang magiging panganib at sakuna na maidudulot nito sakaling may mga taong aksidenteng tamaan lalo na sa maseselang bahagi ng katawan tulad ng mata na magiging sanhi ng pagkabulag ng biktima;

**SAPAGKAT,** kadalasang mga batang menor de edad ang gumagamit nito at nagsisipaghabulan, nagsisipagbarilan na madalas nakakapurwesyo sa mga mamamayang nagsisipaglakad sa lansangan na ito ay kadalasan ang nabibiktima ng mga mapanganib na laruang ito;

**SAPAGKAT,** ang mga laruang katulad na katulad ng hitsura ng tunay na baril, na kung tawagin ay replica ay ginagawang panakot ng iba na kalimitan ay humahantong sa masamang gawain;

**SAPAGKAT,** talamak din ang paggamit ng mga improvised gun na tulad ng Boga na lubhang mapanganib at pwedeng gamitin sa masamang gawain lalo na at ang baril na ito ay kayang makapatay ng tao;

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**KUNG KAYA AT,** sa mungkahi mula sa Committee on Peace & Order Council and Public Safety, sa pangunguna ng Chairman Konsehal Rudy S. Pumarada, na itinukoy at masusing pinag-aralan sa Committee on Peace and Order/Public Safety at sa Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters, sa pangunguna ng Chairman, Konsehal Albert R. Agunias, ay:

**PASIYAHAN,** tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay ang isang Resolusyong nagtatakda ng Kautusang Bayan na nagbabawal sa lahat na magtinda, bumili, gumawa at gumamit ng pellet gun, replicated gun, improvised gun at iba pa na lubusang nakakapurwesyo at nakakapagdulot ng sakuna sa mga taong mabibiktima nito;

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 126-2018**

**ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA LAHAT NA MAGTINDA, BUMILI, GUMAWA AT GUMAMIT NG PELLET GUN, REPLICATED GUN, IMPROVISED GUN AT IBA PA NA LUBUSANG NAKAKAPURWESYO AT NAKAKAPAGDULOT NG SAKUNA SA MGA TAONG MABIBIKTIMA NITO**

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

**SEKSYON I – PAGBABAWAL**

a. Ipinagbabawal sa lahat, higit sa mga kabataan na bumili, gumamit ng pellet gun
b. Ipinagbabawal din sa lahat na gumawa at magtinda nito lalo na ang mga tindahan sa napapalooban ng Bayan ng Polillo, Quezon.

**SEKSYON II- SAKLAW NG KAUTUSAN:**

a. Lahat ng tao maging ang mga Kabataang menor de edad at mga matatanda
b. Mga may-ari ng tindahan.

**SEKSYON III – PARUSA -** Sa mga mahuhuling naglalaro, nagtataglay at gumagamit nito, ay kukumpiskahin ang pellet gun, replicated gun at improvised gun ng kinauukulang awtoridad, at ilalagak muna ito sa himpilan ng pulisya.

- Mga gumagawa at nagtitinda na mahuhulihan na nagbebenta ay kukumpiskahin at pagmumultahin ng:

  a. Unang Paglabag - Isang Libong Piso (Php 1,000.00)

  b. Ikalawang Paglabag - Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php 2,500.00). Ang multahing ito ay kokolektahin ng Ingat-Yaman ng Bayan ng Polillo.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE O. MARQUITA
Konsehal at
Pansamantalang Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**SEKSYON IV- KARAGDAGANG SUGNAY** - Ang gagawin ng pamahalaan sa mga makukumpiskang , pellet gun, replicated gun, improvised gun at iba pa ay sisiraing lahat sa harap ng publiko.

**SEKSYON V – PAGSASAWALANG BISA** – Ang alinmang Kautusang Bayan o bahagi nito na salungat sa Kautusang Bayang ito ay binabago na ngayon at pinawawalang bisa.

**SEKSYON VI – PAGKAKABISA** –Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito'y dumaan sa pampublikong pagdinig, katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, at makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang Sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang Kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

**SEKSYON VII – TAGAPAGPATUPAD** – Ang Tanggapan ng Punong Bayan ang magpapatupad ng Kautusang Bayang ito, na aatasan ang Philippine National Police, Punong Barangay at mga Barangay Police bilang tagapangunang tagapagpatupad nito at araw-araw ang magiging monitoring sa bagay na ito.

**PASIYAHAN PA,** na bigyan ng sipi ng Resolusyongito ang lahat ng mga kinauukulang tanggapan at ahensya ng pamahalaan para sa kanilang lubos na kabatiran tungkol sa bagay na ito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Enero 22, 2018

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Resolusyon Blg. 017-2018 (Kautusang Bayan Blg. 126-2018)** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Konsehal at Pansamantalang Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Enero 30, 2018***